

# RESPIRATORY SYNCYTIAL VIRUS (RSV)

## ANO ANG RSV?

Ang RSV ay isang karaniwang virus sa respiratoryo na kadalasang nagdudulot ng banayad at parang sipon na mga sintomas, ngunit maaari ring magdulot ng malalang sakit, lalo na sa mga sanggol at matatanda.

## PAANO ITO KUMALAT?


Ang RSV ay maaaring kumalat sa pamamagitan ng malapitang pakikisalamuha sa isang taong may sakit sa pamamagitan ng:

- Pagbahing o pag-ubo
- Paghawak sa mga nahawaang ibabaw at pagkatapos ay paghawak sa iyong mukha nang hindi muna naghuhugas ng iyong mga kamay

## ANO ANG MGA SINTOMAS?

Ang mga taong nahawaan ng RSV ay karaniwang nakakahawa 1 hanggang 2 araw bago sila magsimulang magpakita ng mga sintomas at nagpapakita ng mga sintomas sa loob ng 4 hanggang 6 na araw pagkatapos mahawa. Ang ilang mga sanggol at mga taong may mahinang sistemang immune ay maaaring patuloy na magkalat ng virus kahit na matapos nilang tumigil sa pagpapakita ng mga sintomas (mga hanggang 4 na linggo). Kabilang sa mga sintomas ang:

- Tumutulong sipon
- Pagbaba ng gana sa pagkain
- Pag-ubo
- Pagbahing
- Lagnat
- Paghingal



## PAANO KO MAIIWASAN ANG RSV?



Ang mga nasa hustong gulang na 50 taong gulang pataas ay maaaring makatanggap ng **bakuna** laban sa RSV.



Maaaring **magpabakuna** sa RSV ang mga buntis na magbibigay ng proteksyon sa sanggol pagkapanganak.



Maaaring **ibigay** ang mga monoclonal antibodies sa mga sanggol na wala pang 8 buwan at mga sanggol na may mataas na panganib na may edad na 8-19 na buwan.

## IBA PANG MGA TIP SA PAG-IWAS:



Manatili sa bahay kung ikaw ay may sakit.



Magsuot ng maskara kung ikaw ay may sakit.



Takpan ang iyong mga ubo at pagbahing.



Maghugas ng kamay nang regular.